Department of Education
GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Paunawa ng pangongolekta para sa pagpapatala (Collection notice for enrolment)

## Pakay ng pangongolekta

Kami, ang Kagawaran ng Edukasyon Western Australia (Department of Education Western Australia) (WA), ay nangongolekta ng impormasyon ng inyong anak upang pangasiwaan ang mga pagpapatala ng estudyante sa mga pampublikong paaralan. Ang impormasyon ay sumusuporta sa paaralan ng inyong anak at nagbibigay kontribusyon sa isang Australyanong sistema sa edukasyon na patas para sa lahat ng mga estudyante. Ito ay isinasagawa sang-ayon sa *School Education Act* at ng School Education Regulations 2000.

Puna: Sa dokumentong ito, ang ‘parent’ at ‘you’ ay kinabibilangan ng isang magulang o tagapag-alaga ng bata, ang nasa-edad na taong may pananagutan sa pang-araw-araw na pangangalaga o ang taong nagpapatala para sa kanilang sarili.

## Ang impormasyong nakolekta para sa pagpapatala

Kapag nagpapatala ka ng inyong anak sa isang pampublikong paaralan, kakailanganin mong magbigay ng mga sumusunod na pampersonal na detalye at mga dokumento:

### Impormasyon ng bata

- Buong pangalan, petsa ng kapanganakan at kasarian
- Lugar ng tinitirhan at mga kaayusan sa paninirahan ng pamilya
- Alinman sa tinutukoy ba ang bata bilang isang Aborihinal o taga-islang Torres Strait
- Kinagisnang wika at mga wikang sinasalita sa bahay
- Pangkasalukuyang katayuan ng mga pagkabakuna
- Dating mga paaralang pinasukan at kasaysayan ng edukasyon
- Mga kailangan sa pagkakatuto, inuugali o iba pang personal na mga kinakailangan
- Kalusugan at mga sakit (kasama ang F1 Student health care summary)
- Pagkamamamayang Australyano o mga detalye ng visa

### Impormasyon ng magulang

- Pangalan at relasyon sa bata
- Lugar ng tinitirhan at mga detalye ng matatawagan
- Mga wikang sinasalita sa bahay
- Pinakamataas na inabot ng pinag-aralan, mga kwalipikasyon at trabaho

### Karagdagang impormasyon

**Pangalan at mga detalye ng taong matatawagan ng paaralan sa oras ng emerhensya**

- Kautusan ng korte o pangangalaga o mga plano ng pagmamagulang, kung dapat



CC BY Exclusions may apply

## Bakit itong impormasyon ay kinokolekta para sa pagpapatala

Gagamitin ang iyong impormasyon para:

- tasahin at pangasiwaan ang mga aplikasyon sa pagpapatala
- kumpirmahin ang pagkakilanlan ng estudyante
- makipagkomunikasyon sa mga estudyante at pamilya
- suportahan ang pagkatuto ng estudyante, kalusugan at kagalingan, inuugali at kaligtasan
- bigyang-kakayahan ang mga estudyante na makisali sa pang-estado, pambansa at pang-internasyonal na mga pagtatasa at pag-uulat, kabilang ang
  - NAPLAN sa Years 3, 5, 7 at 9
  - Pre-primary Australian Early Development Census (AEDC)
  - secondary Online Literacy and Numeracy Assessment (OLNA)
  - Nationally Consistent Collection of Data (NCCD) sa mga nag-aaral na estudyanteng may kapansanan
  - anumang iba pang ipinag-uutos na mga pagtatasa at pag-uulat
- pangasiwaan ang pagtutukoy ng estudyante tulad ng WA Student Number (WASN) at SmartRider cards
- ipaalam ang edukesyonal na polisiya, pagpaplano, istratehiya at pananaliksik
- magbigay ng suporta, mga serbisyo, programa at pagpopondo para makamit ang mga pangangailangan ng inyong anak.

Kung hindi namin kokolektahin itong personal na impormasyon, maaaring maglagay ito sa panganib sa isang estudyante at lalong maging mahirap ang pagbibigay ng tamang plano sa edukasyon at suporta. Mangangahulugan din ito sa amin na hindi namin magawa ang aming mga legal na pananagutan.

## Paano namin ginagamit at ibinabahagi ang impormasyon sa pagpapatala

Ginagamit lamang namin at ibinabahagi ang impormasyon sa pagpapatala ng inyong anak sa pakay ng pangongolekta nito at kung ito ay pinapayagan at kinakailangan ng batas.

Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa pagpapatala ng inyong anak sa:

- iba pang WA na pampublikong paaralan kapag nagpalit ng paaralan ang inyong anak, tulad ng kung:
  - lumipat ang inyong anak mula sa Year 6 papuntang Year 7
- lumahok sila sa inareglo-ng-paaralan na alternatibong programa sa edukasyon
- kanilang bagong di-panggobyernong paaralan o paaralan sa ibang estado, kung binigyan ninyo ng pagpapayag
- mga panggobyernong ahensya para sa kalusugan, kagalingan at /o atas ng batas na pagsunod, at mga batas na pamproteksyon ng bata.

Ang nakolekta naming personal na impormasyon ay itatago dito sa isang lugar lamang, sa loob ng Australya, sa loob ng aming Student Information System at susundin ang mga patakaran ng aming Information and Communication Technologies.

Ang personal na impormasyon ay kinolekta, pinangasiwaan at ididispatsa sang-ayon sa aming Records Management policy at ng *State Records Act 2000*.





Exclusions may apply

### Ang inyong mga karapatan – pag-access at pagtatama ng impormasyon sa pagpapatala

Maaari mong tawagan ang paaralan ng inyong anak kung ikaw ay:

- may gustong tingnan o baguhin ang impormasyon ng pagpapatala na iyong ibinigay
- may mga ipinag-aalala tungkol sa kung paano ginagamit o itinatago ang impormasyon ng pagpapatala ng inyong anak.

Ang mga ipinabago (updates) sa ibinigay na personal na impormasyon sa kabuuang panahon ng pag-aaral ng isang estudyante ay itinuturing na bahagi ng record ng pagpapatala ng estudyante.

## Karagdagang impormasyon

Upang malaman ang karagdagan tungkol sa kung paano namin pinoprotektahan ang inyong impormasyon, bisitahin ang pahina ng aming website tungkol sa Privacy.



BY
Exclusions may apply